
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 12:

### Sundin Mo!

***(Pagsunod sa Napakinggang Panuto o Hakbang)***




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 12: Sundin Mo! (Pagsunod sa Napakinggang Panuto o Hakbang)**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jesusa Nina O. Ampongan
**Editor:** Girlie Marie L. Penales
**Tagasuri:** Dinnah A. Bañares
**Tagaguhit:** Emma N. Malapo
**Tagalapat:** Gladys Judd D. Perez, Rey Antoni S. Malate
**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng ______________________**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Unang Markahan– Modyul 12:

### Sundin Mo!

***(Pagsunod sa Napakinggang Panuto o Hakbang)***

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsunod sa Napakinggang Panuto o Hakbang !

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsunod sa Napakinggang Panuto o Hakbang !

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# ***Alamin***

*Kumusta?*

Hindi ba madalas ay napag-uutusan tayo o 'di kaya ay napagbibilinan? Sa ganitong mga pagkakataon nasusunod mo ba nang maaayos ang utos o bilin sa iyo? Ikaw ba ay marunong ding sumunod sa napakinggang panuto?

Tingnan natin kung hanggang saan ang iyong kakayahan sa pagsunod sa hakbang ng panuto?

Sa modyul na ito ay lalo mong pauunlarin ang iyong galing sa pagsunod.

Pagkatapos mo sa modyul na ito, inaasahan na:

*Nasusunod mo ang napakinggang panuto o hakbang ng isang gawain.*



Halika…

umpisahan na natin!

## *Subukin*

Subuking sundin ito….

Tawagin ang iyong nanay o ibang kasamahan sa bahay na puwedeng magbasa sa iyong harapan ng mga panuto o hakbang na iyong susundin.

*Handa ka na ba?*

**Panuto: Para sa kasamahan sa bahay na magbabasa:** Basahin nang maayos ang panutong nasa ibaba upang makasunod nang tama ang iyong mag-aaral.

**Sa mag-aaral:** Pakinggan at isagawa ang sumusunod na panuto o hakbang. Gamitin ang iyong kuwaderno at krayola.

1. Iguhit ang isang bilog sa bandang itaas ng papel.
2. Sa taas ng bilog, gumuhit ng isang korona.
3. Sa bandang ibaba ng bilog ay iguhit naman ang tatsulok.
4. Sa loob ng hugis tatsulok, isulat sa malaking titik ang unang letra ng iyong pangalan.
5. Kulayan ng pula ang hugis tatsulok.
6. Sa ibaba at labas na ng tatsulok, gumuhit ng parihaba.
7. Sa loob ng parihaba, isulat ang iyong apelyido.
8. Kulayan ng dilaw ang parihaba.
9. Sa ilalim ng parihaba, gumuhit ng puso.
10. Kulayan ng pula ang puso.

Nasunod mo ba ang napakinggang panuto?

Madali lang ba ang hakbang nito?


______ Oo            _______ Hindi


# Aralin Pagsunod sa Napakinggang Panuto

## *Balikan*

Ano ang tamang paraan ng pagpapahayag ng sariling opinion o reaksyon?

**Panuto:** Sumulat ng isang liham para sa iyong guro at ibahagi mo ang iyong hindi malilimutang karanasan sa paaralan.






***Mga Tala para sa Guro***

Sikaping magabayan ang mag-aaral sa mga gawaing-pakikinig na nasa modyul na ito. Kailangang iparinig ang lahat ng gawain upang malinang ang kaniyang kakayahan sa domain na ito.

## *Tuklasin*

Alam mo bang mas lalo ka pang masisiyahan at tatalas ang iyong diwa’t isipan sa patuloy na pagsasanay sa pagsunod sa mga napakinggang hakbang o panuto.

**Panuto:** Ngayon naman ay pakikinggan mo ang isang kuwento na nasa inihandang CD, pagkatapos ay iyong susundin ang mga hakbang o panutong nakasaad dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Maaring basahin ng kapamilya ang sipi ng kuwento sa **pahina 11** sakaling hindi mo magamit ang CD.

**Kuwento: Pamamasyal sa Bikol**
(tingnan sa pahina 11, ang kopya ng teksto)

Kumusta! Nasunod at nasagot mo ba angpinakinggang panuto? Tingnan ang sagot sa **pahina 12.**



- Ang iyong ginawa ay pagsunod sa panuto.
  ____________________________________,_
- Ano ang dapat tandaan sa pagsunod sa panuto?
  ____________________________________
- Mahalaga ba ang pagsunod sa panuto? Bakit?
  ____________________________________

## *Suriin*

Kilalanin nating muli ang konsepto sa wastong pagsunod sa napakinggang panuto.

**Gawain 1: Kaya mo na bang gawin?**

**Panuto:** Sundin at gawin ulit ang hakbang o panuto sa pamamagitan ng pakikinig. Babasahin ng kasamahan sa bahay ang mga hakbang. Gumamit ng isang malinis na bondpaper, lapis at bolpen sa pagsagot.

Gawin ang sumusunod na panuto o hakbang:

1. Hatiin ang isang papel sa apat na bahagi. Lagyan ng guhit ang bawat tupi.
2. Isulat ang bilang isa hanggang apat sa bawat kahon. Iguhit sa unang kahon ang ginagawa mo tuwing araw ng Sabado.
3. Isulat sa ikalawang kahon ang mga kasapi ng iyong pamilya.
4. Sa Ikatlong kahon, iguhit ang gawain ninyong magkaklase nang tulong-tulong sa paaralan.
5. Sa ikaapat na kahon, isulat ang iyong buong pangalan. Bilugan ito.

Ano ang iyong nabuo?
Nabuo mo ba nang tama ayon sa hinihingi?
Nasundan mo ba ang panuto?

**Lagi mong tatandaan…**

1. *Mahalaga ang pagsunod sa panuto upang magawa nang tama ang isang bagay.*
2. *Mahalagang pakinggang mabuti ang panuto upang maunawan ang dapat gawin. Hindi masamang ipaulit ang panuto o basahing muli ito upang lubos na maunawaan.*
3. *Sundin ang panuto ayon sa pagkakasunod-sunod nito upang maiwasan ang aksidente at upang makuha ang tamang resulta.*
4. *Kung ang panuto ay humihingi ng tamang sukat o halaga ng isang bagay, sundin ito nang buong ingat.*

## *Pagyamanin*

Panuto ko, gawin mo!

**Panuto:** Magpatulong muli sa iyong kapamilya sa bahay na magbasa para sa iyo. Pakinggan ang panuto o hakbang na iyong isasagawa gamit ang iyong kuwaderno.

**Gawain A.**


1. Gumuhit ng isang malaking tatsulok sa bandang itaas ng papel.
2. Sa ibaba nito idugtong ang parisukat.
3. Sa loob at gitna ng parisukat, gumuhit ng linyang patayo.
4. Gumuhit ng maliit na parisukat sa bandang kaliwa at taas na bahagi ng linya.
5. Iguhit ang isang puno sa kaliwang bahagi ng papel.

*Tanong: Anong larawan ang iyong nabuo?* ______________

**Gawain B.**

1. Gumuhit ng bulubundukin sa bandang hilaga o taas ng papel.
2. Sa itaas ng bukubundukin, iguhit ang haring araw.
3. Sa bandang gitna naman ng papel, iguhit ang gusto mong mga pananim – mga puno at halaman.
4. Maaari mo ring iguhit ang mga ibong lumilipad sa itaas.
5. Kulayan mo ang iyong iginuhit.

*Tanong: Anong larawan ang iyong nabuo?* ______________



## *Isaisip*

Isiping mabuti at punan ang mga patlang.

Ang ___________ ay isang hakbang o direksiyong magtuturo sa iyo sa tamang paraan upang maging tama ang iyong gagawin.

Ito ay isang direksiyong magtuturo sa iyo upang ___________ mo ang iyong gagawing hakbang.

## *Isagawa*

**Panuto:** Para lubusan mong malinang ang wastong pagsunod sa panuto sa pamamagitan ng pakikinig, muling pakinggan ang nasa CD. Sundin at isagawa ang panuto sa iyong kuwaderno. Maari ring basahin ng kasamahan sa pamilya ang hakbang na ito upang muling matamo ang layunin. Handa ka na ba?

**Para iwas COVID, Isagawa mo Payo ko!**

**Lokasyon:** Groseri

1. Iguhit ang linya ng mga mamimili sa groseri na may isang metrong pagitan.
2. Iguhit ang papel o ID at pantakip sa bibig at ilong na hinihingi ng guwardiya bago pumasok ng groseri.
3. Pagkatapos pumasok, isulat ang pangalan ng likido na inilalagay sa kamay ng mga pumapasok sa tindahan.
4. Pagpila sa cashier, anong dalawang salita ang muling ipasunod ng mga namimili?
   S O C _ _ L  D I _ T A _ _I N G
5. Pagdating sa bahay, isulat ang salitang dapat gawin sa kamay ng taong nag-groseri o galing sa labas.

**Magaling!** Matapos mong isagawa nang tama ang pagsubok sigurado tayong ligtas sa pandemyang ito. Tingnan ang tamang sagot sa pahina ng susi ng pagwawasto.



## *Tayahin*

Hanggang saan ba ang iyong kahusayan sa pagsunod sa napakinggang panuto.

**Panuto:** Pakinggan mula sa CD nang dalawa o tatlong beses ang paraan ng paggawa ng eroplanong papel. Sakaling hindi magamit ang CD, ipabasa sa kapamilya ang panuto. Maghanda ng isang bond paper na iyong gagamitin.

### Paano Gumawa ng Eroplanong Papel?

*posted on March 15,2017 by origamiwithlucy*

Ang eroplanong papel ay lumilipad kung tama ang paraan ng pagbato nito. Ito ay madali lang gawin kaya halina't atin nang simulant. Ang kailangang gamit ay isang buong papel.

Mga Hakbang:

1. Kailangan mong itupi pahaba (lengthwise) sa gitna ang papel.
2. Tanggalin sa pagkakatupi. Ang pagkakatuping ito ang siyang magsisilbing gabay upang malaman mo ang gitna ng papel.
3. Itupi ang dalawang kanto ng papel upang magtagpo sila sa gitna.
4. Itupi ang papel pahalang (crosswise) upang magtagpo ang dulo nito at ilalim.
5. Ituping muli ang papel sa paraan ng pagkakatupi nito sa simula.

6. Ngayon ay mayroon ka nang dalawang bahagi ng papel. Tiklupin nang patagilid ang isang bahagi.

7. Tiklupin hanggang sa magkaroon ka ng isang bahagi ng pakpak ng eroplano.

8. Ulitin ang huling hakbang sa kabilang bahagi ng papel.

9. Siguraduhing makompleto ang pakpak ng iyong eroplano.

10. Ihanda na ito sa paglipad.

*Luciano, "Paano Gumawa ng Eroplanong Papel"*

Binabati kita. Natapos mo ang pagsubok. Alamin natin sa **pahina 12** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

5 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
3-4 tamang Sagot – MAGALING
1-2 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO YAN



## *Karagdagang Gawain*

Para hindi ka makalimot sa gawaing ito, muli kang magsanay sa pagsunod sa napakinggang panuto.

**Panuto:** Pakinggan ang hakbang na babasahin ng iyong kasamahan sa bahay at isagawa ito nang tama.

1. Kumuha ng isang malinis na bondpaper.
2. Mag –isip ng isang salita, na maitatawag mo sa taong tumutulong at nagsisilbi sa bayan para sa kaligtasan ng bawat mamamayang Pilipino ngayong nasa panahon ng krisis sa COVID 19.
3. Isulat nang malaki ang salitang naisip mo sa bahaging itaas ng papel.
4. Isulat ang naisip mong pangungusap o mensahe para sa mga taong ito na nagsasakripisyo para sa bayan.
5. Lagyan ito ng kulay na paborito mo. Puwede ring maglagay ng disenyo.
6. Ipaskil ito sa labas ng iyong bahay o tarangkahan.

Malugod na pagbati!
Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul

***Ang husay mo kid!***



**Mga Babasahin sa Pakikinig**

**Tuklasin Mo:**

**Pamamasyal sa Bikol**
*Chelsy O. Salcedo*

Madilim pa nang umalis ang mag-anak nila Arthur at Rommel sa kahabaan ng daang palabas ng naggagandahang isla ng Caramoan, isang bayan ng Camarines Sur. Nais nilang mamasyal sa ilang probinsya ng Bikol.

Mula sa Camarines Sur, nagtungo sila sa Tabaco, Albay. Bumili sila ng magagarang itak. Tumuloy din sila sa Mayon Resthouse at Planetarium. Isang mataas na bahagi ng Bulkang Mayon. Malamig pa rin ang lugar kahit mataas na ang sikat ng araw. Kitang-kita nila ang buong Albay maski ang dagat na katabi nito.

Pagbaba nila, dumiretso sila sa Donsol, Sorsogon. Sikat na sikat kasi ang Butanding sa karagatan nito. Sumaglit din sila sa Daraga, Albay. Naroon kasi ang Cagsawa Ruins.

"Napakaganda pa rin ng Bulkang Mayon!", ang bulalas ni Tatay Ato.,

"Abot-tanaw ang hugis nito sa gumuhong tuktok ng lumang simbahan ng Cagsawa", dugtong pa niya.

Doon na sila nagmeryenda ng ibos, pinangat at maanghang na sorbetes.

Pauwi na sila nang dumaan sila sa Kawakawa Hill ng Lungsod Ligao. Isang burol na napapalibutan ng iba't ibang uri ng kawayan.

"Saan po tayo magpapahinga ngayong gabi? tanong ni Arthur sa kaniyang Tatay Ato.

"Syempre, di-maaaring makaligtaan ang malamig na tubig-bukal ng Lungsod Iriga, kaya doon tayo magpapalipas ng gabi", ang sagot ng Tatay Ato.

'Yehey! Maliligo na naman tayo sa swimming pool ng hotel", ang masayang sabi ni Arthur.

*ibos- malagkit na bigas na binalot ng dahon ng niyog;*
*pinangat-ginataang dahoon ng-gabi*

**Panuto:** Sundin at sagutin ang panuto:

1. Kopyahin ang mga lugar na pinuntahan ng ama at ng kanyang mga anak na lalaki.
2. Isulat ang pangalan ng dalawang anak na lalaki.
3. Isulat ang pangalan ng pagkaing kinain ng mag-anak.
4. Iguhit ang bagay na kanilang binili sa Tabaco, Albay.
5. Isulat sa malaking titik ang pangalan ng mga bata sa kuwento.

*Mahalaga bang sundin ang panuto?*

# Susi sa Pagwawasto

## Subukin

1. Pagguhit ng bilog
2. Pagguhit ng korona
3. Pagguhit ng tatsulok
4. Unang letra ng pangalan
5. Kulayan ng pula
6. Pagguhit ng parihaba
7. Apelyido
8. Kulayan ng dilaw
9. Pagguhit ng puso
10. Kulayan ang puso

## Tuklasin

1. Tabaco, Mayon Resthouse, Donsol, Cagsawa Ruins, Kawa-kawa Hill, Lungsod Iriga

2.Athur at Rommel

3.ibos, pinangat, sorbetes

4. iguhit ang itak

5. ARTHUR, ROMMEL

## Suriin

**(iba-iba ang sagot)**

1.

| | |
|---|---|
| 1 | 2 |
| 3 | 4 |

2. 1 –naglalaba

3. 2- nanay, tatay, ate, kuya

<u>**bunso**</u>

4. 3-paglilinis

5. 4- pangalan mo

## Pagyamanin

**A.**

Bahay kubo na may punongkahoy sa kaliwang bahagi

B.

Isang hardin ng mga puno at halaman

**Isaisip**

1.Mga dapat tandaan sa pagsunod da panuto
2. Kahalagahan ng pagsunod sa panuto

**Isagawa**

1. X X X
2. Quarantine Pass at Face mask
3. Alkohol
4. Social Distancing
5. maghugas ng kamay

## Tayahin

Ang nabuo ay isang eroplanong papel

**Karagdagang Gawain**
**(iba-iba ang sagot)**

1. malinis na papel
2-3. Frontliners

4. Saludo kami sa inyo at maraming salamat!

5.Kulayan ito ng gusto mong kulay

6. ipaskil sa harapan

## *Sanggunian*

Calatrava, Sancho, et.al., 2015. *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.,

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 Unang Kwarter, Linggo 10 Araw 1, 2019. pahina 219

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 Unang Kwarter, Linggo 5 Araw 2, 2019. pahina 105

Luciano, Christopher John., *"Paano Gumawa ng Eroplanong Papel"* March 15, 2017 origamiwithlucy foldingpapers.wordpress.com/2017/03/15/paano-gumawa-ng-eroplanong-papel-2/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph